



Pahintulot sa Bakuna ng COVID-19

para sa mga Kabataan (Mga edad 5-17)

Ang pagbabakuna sa buong lungsod, kabilang ang mga kabataan, ay mahalaga sa pagpigil sa pagkalat ng COVID-19. Pinapadali ng San Francisco para sa mga kabataan na mabakunahan para sa COVID-19.

Ang mga tao na edad 5-11 ay dapat makakuha ng pahintulot mula sa isang magulang o tagapag-alaga upang makakuha ng bakuna laban sa COVID-19. Ang mga tao na nasa edad na 12-17 ay dapat makakuha ng pahintulot mula sa isang magulang o tagapag-alaga upang makakuha ng bakuna laban sa COVID-19.

Napakahalaga na mabakunahan natin ang ating buong lungsod sa lalong madaling panahon.

Hangarin, ang mga kabataan na may edad 5-17 ay makakakuha ng kanilang bakuna laban sa COVID-19 kasama ng kanilang **magulang o tagapag-alaga na may pahintulot sa isa sa mga tatlong paraan:**

- Ang magulang o tagapag-alaga ay sasamahan ang bata upang mabakunahan.
- Nilagdaan ng magulang o tagapag-alaga ang form ng pahintulot sa bakuna sa lugar bago bumisita sa pagbabakuna, at dadalhin ito ng bata.
- Tatawagan ng tagapagbigay ang magulang o tagapag-alaga na sumasang-ayon sa bakuna sa telepono.

Ang lungsod ng San Francisco ay nagpapahintulot sa mga kabataan (edad 12-17) na makatanggap ng bakuna sa COVID-19 kapag hindi maabot ang magulang o tagapag-alaga. Higit pang impormasyon tungkol sa Health Officer Order (No. C19-19) ay matatagpuan dito:
sfdph.org/dph/alerts/coronavirus-healthorders.asp

Kung ang isang taong may edad na 12 hanggang 17 ay dumating sa isang lugar ng pagbabakuna nang wala ang kanilang mga magulang o isang nilagdaan na form, dapat tawagan ng tagapagbigay ang magulang o tagapag-alaga sa pamamagitan ng telepono. Kung hindi maabot ng tagapagbigay ang magulang o tagapag-alaga, pinapayagan **ang tagapagbigay na magbigay ng bakuna.**

Kung tumanggi ang magulang o tagapag-alaga sa bakuna sa pamamagitan ng telepono, **hindi pinapayagang magbigay ang tagapagbigay ng bakuna.**

